



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 MARSO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA
BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticoe	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bambista	
Kagawad Ramil O. Dinapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramilfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Norberto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Iarna F. Dinapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLO. 024
Tsong 1996

KAPASYAHAN NG HUHILING SA PAMBANSANG SURIANO PANG-
KABAYSAYAN SA PAGPAPALIT NG PANGALAN NG PAARALANG
PRIMARYA NG MABUHAY SA ESCAREZ-RAYMUNDO MEMORIAL
SCHOOL, ISANG PAARALAN SA BAHAYANG MABUHAY, ROXAS,
SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang paaralang primarya ng Mabuhay ng Roxas, Silangang Mindoro
ay naitalaga sa pamamagitan ng pagkilos ng mga nanamayan nito
at ng pamahalaan upang mabigyan ng pangunahing edukasyon ang
mga kabataan ng nasabing barangay sa sarili nilang lugar;

SAPAGKA'T isa sa mga nagpasimuno sa narangal na layuning ito ay ang
mag-asawang Andres Escarez at Emerenciana Raymundo na nagka-
loob ng isang elderlyang lupain na siyang pinagtayuan ng paaral-
lang primarya ng Mabuhay na sa ngayon ay isa nang kumpletong
paaralang elementarya;

SAPAGKA'T dahilan sa kagandahang-loob na ito ang mga nanamayan, mga
magulang at mga guro ay nagkaisang imungkahi ang pagpapalit
ng pangalan ng paaralang primarya ng Mabuhay at ito ay isinod
sa pangalan ng mag-asawang nagkaloob ng lupang kinatitirikan
nito;

SAPAGKA'T bilang pagkilala sa ganitong narangal na gawain, ang Sanggu-
niang Barangay ng Mabuhay ay nagpasa ng isang kapasyahan noong
Oktubre 5, 1995 na naglalayong palitan ang pangalang Paaralang
Primarya ng Mabuhay sa Escarez-Raymundo Memorial School;

SAPAGKA'T ang bagay na ito ay masusung pinag-aralan ng lokal na lupong
Pamapaaralan at inirekomenda sa Sangguniang Bayan ito ang pag-
papalit ng pangalan ng nasabing paaralan ayon sa itinatakda ng
batas; at

geer

Roxas

SAPAKA'T nakita ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na karapat-dapat lamang na bigyan ng kaulang pagpapahalaga ang ganitong marangal na pagtulong sa kaunlaran ng pamayanan kung kaya't buong pagkakaisang nagpahayag ng pagsang-ayon na ang pangalan ng paaralan na Paaralang Primarya ng Mabuhay ay palitan ng Escarez-Raymundo Memorial School, bilang parangal sa pamilyang nagkaloob ng lupang tinitirikan ng masebing paaralan.

BAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat -


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Pambansang Luriang Pangkasaysayan ang pagpapalit ng pangalan ng Paaralang Primarya ng Mabuhay sa Escarez-Raymundo Memorial School bilang pag-aalaala at pagkilala sa kabutihang-loob ng pamilyang nabanggit sa pagkaloob ng lupaing tinitirikan ng masebing paaralan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Pambansang Suriang Pangkasaysayan, Maynila para sa kanilang maayong pag-akseyon sa kahilingang ito.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Pasig City, Tanggapan ng Edukasyon, Kultura at Isports, Calapan, Silangang Mindoro at Roxas, Silangang Mindoro at ang mga anak ng pamilyang Andres Escarez-Cerenciana Raymundo, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 11 Marso 1996


CERTIFIED CORRECT:


VICTORIA B. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

ners/